Ang mga matitirang matuwid ay Lā ilāha illa –llāh (Walang Diyos kundi si Allah), Subḥāna –llāh (Napakamaluwalhati ni Allah), Al-ḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allah), at Lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh (Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah)

Ang mga matitirang matuwid ay Lā ilāha illa –llāh (Walang Diyos kundi si Allah), Subḥāna –llāh (Napakamaluwalhati ni Allah), Al-ḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allah), at Lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh (Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah)

[Tumpak sa pamamagitan ng mga patotoo nito] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Habba`n - Isinalaysay ito ni Imām Al-Ḥākim - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy]

Sa ḥadīth na ito ay may patunay sa kalamangan ng sinasambit na ito ayon sa anyong ito dahil sa taglay nito na mga kahulugan ng pagluluwalhati, pagbabanal, at pagdakila kay Allah, kapita-pitagan Siya at kataas-taasan, at dahil sa taglay nito na pagpupuri kay Allah sa mga gawa Niya. Kaya walang kapangyarihan para sa tao ni pagkilos ni kakayahan malibang ayon sa kalooban ni Allah, pagkataas-taas Niya. Kaya walang kapangyarihan sa pagtulak sa kasamaan ni lakas sa pagtamo ng kabutihan malibang sa pamamagitan ni Allah, kapita-pitagan Siya at kataas-taasan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5477